Gabay sa Paggamit Ng Mask simula sa ika-13 Marso, 2023

Ang gabay ng Gobiyerno tungkol sa paggamit ng mask sa bansang Hapon ay babaguhin simula Marso 13, 2023. Ang Punong-Tanggapan para sa COVID-19 at ibang Pagpigil Ng mga lumalabas na nakakahawang Sakit o Emerging Infectious Disease Control at ang Kagawarang Pangkalusugan o Ministry of Health, Trabaho at Kapakanan o Labor and Welfare ay nagpahayag ng “Revision of mask usage policy” o “Pagbabago nang Patakaran sa Paggamit Ng Mask.” Ang balangkas o outline ay ang mga sumusunod.

＞＞Hanggang Marso 12, 2023＜＜

Bilang karaniwang tuntunin, walang pangkalahatang tagubilin na magsuot ng mask sa labas.

Ang paggamit ng Mask sa loob ay inirerekomenda sa lahat nang sitwasyon.

＞＞Simula sa Marso 13, 2023＜＜

Bilang karaniwang tuntunin, walang pangkalahatang tagubilin na magsuot ng mask sa labas.

Bilang karaniwang tuntunin, walang pangkalahatang tagubilin na magsuot ng mask sa loob. Gayon pa man, ang paggamit ng mask ay inirerekomenda pa rin sa mga partikular na kapaligiran:

・Kapag nasa isang medikal na institusyon.

・Kapag dadalaw sa mga medikal na institusyon at nursing homes kung saan maraming mga matatanda na naninirahan at mayroong mataas na peligro ng malubhang karamdaman na naka-ospital.

・Mga masisikip na kapaligiran at mga lugar na gaya nang mga pampublikong sakayan gaya ng mga tren o mga bus.

Mga mahalagang puntos：

・Maaaring hilingin ng mga may-ari ng negosyo at mga tauhan ang patuloy na paggamit ng masks sa mga parokyano.

・Ang patakaran tungkol sa paggamit ng masks sa mga paaralan ay magbabago simula sa Abril 1, 2023.

・Kung masama ang inyong pakiramdam, nagtaglay kayo ng COVID-19 o may kasama sa bahay na naging positibo, mangyaring manatili sa bahay upang mapigilan ang pagkalat ng sakit. Kung kayo ay kakailanganing lumabas o pupunta sa ospital atbp., iwasan ang mga masisikip na lugar o mga kapaligiran at magsuot ng mask.